KASUNDUAN SA MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG CUSTOMER

Ang nakapirma ("Customer") ay bumibili o nag-aarkila ng isang Battery Electric Vehicle (BEV) o Plug-in Hybrid Electric Vehicle (PHEV) ("Sasakyan") na kwalipikado para makilahok sa Clean Fuel Reward Program[1] ("Programa") ng California. Pinapatunayan ng customer sa pamamagitan nito ang sumusunod:

1. Ang lahat ng personal na impormasyon at/o impormasyon ng negosyo, kung naaangkop, at impormasyon ng Sasakyan na isinumite sa nagbebenta o nagpapaarkila ng Sasakyan (ang "Retailer") ay totoo at tama sa lahat ng paraan. Kung ang anumang impormasyon ay matuklasang hindi tumpak, mali, mapanlinlang, at/o mapanloko, nauunawaan ng Customer na maaaring maging utang ng Customer sa Retailer ang halaga ng Gantimpala (ayon sa itinakda sa ibaba) na na-credit sa presyo ng pagbili o pag-arkila ng Sasakyan. Maaari ding mapailalim ang mga Customer sa mga parusang sibil o kriminal sa abot ng pinapahintulutan ng batas dahil sa hindi tumpak, mali, mapanlinlang, at/o mapanlokong impormasyon. Kinikilala ng Customer na ang Retailer o ang Maritz LCC, isang kompanyang may limitadong pananagutan sa Missouri (ang "Tagapagpatupad ng Programa"), ay maaaring humiling ng karagdagang impormasyon mula sa Customer para patunayan ang pagiging kwalipikado ng Customer para sa Gantimpala.

2. Ang Customer (a) kung indibidwal, ay may address sa Estado ng California at sa panahon ng pagbili o pag-arkila, ay naninirahan sa address na ibinigay sa Retailer sa dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila ng Sasakyan, o (b) kung legal na entidad, ay negosyong matatagpuan sa Estado ng California at ang negosyong iyon ay may pisikal na lokasyon sa address na ibinigay sa Retailer sa dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila ng Sasakyan.

3. Ang Sasakyan ay isang Battery Electric Vehicle (BEV) o Plug-in Hybrid Electric Vehicle (PHEV) na kwalipikado para makilahok sa Programa.

[1] Cal. Code Regs. title 17, §§ 95480, *et seq.*

4. Ipinaliwanag ng Retailer sa Customer, at nauunawaan ng Customer, ang halaga at uri ng gantimpala (ang "Gantimpala") na matatanggap ng Customer kaugnay ng Programa para sa pagbili o pag-arkila ng kwalipikadong Sasakyan. Inihahayag ng dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila ang buong halaga ng Gantimpala at nabawas na ang Gantimpala mula sa huling halagang nakatakdang bayaran ng Customer para sa pagbili o pag-arkila ng Sasakyan. Samakatuwid, sumasang-ayon ang Customer na pahintulutan ang Retailer na tumanggap ng kabayaran ng halaga ng Gantimpala na na-credit na sa Customer sa dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila, at sa pamamagitan nito ay itinatalaga at inililipat sa Retailer ang lahat ng karapatan ng Customer sa Gantimpala. Responsibilidad ng Customer ang pagbabayad ng lahat ng pananagutan sa buwis na ipapataw bilang resulta ng Gantimpala, kung mayroon. Walang responsibilidad ang Retailer, Tagapagpatupad ng Programa, o Southern California Edison Company (ang "Tagapangasiwa ng Programa)" para sa anumang buwis na ipapataw sa Customer bilang resulta ng Gantimpala.

5. Sumasang-ayon ang Customer na iparehistro ang Sasakyan sa Departamento ng Mga De-motor na Sasakyan (Department of Motor Vehicles, "DMV") ng California sa pangalan ng Customer at sa address na ibinigay sa Retailer.

6. Sumasang-ayon ang Customer na (a) pahintulutan ang Tagapagpatupad ng Programa na patunayan ang numero ng pagkakakilanlan ng sasakyan (vehicle identification number, VIN) at ang rehistro ng Sasakyan sa DMV at/o manufacturer ng Sasakyan, (b) maglaan ng insurance sa Sasakyan ayon sa iniaatas ng Estado ng California (kabilang ang DMV), at (c) panatilihin ang sistema at pagpapatakbo ng Sasakyan bilang isang Battery Electric Vehicle (BEV) o Plug-in Hybrid Electric Vehicle (PHEV) sa lahat ng oras.

7. Kung magkasamang binibili ng dalawang indibidwal ang Sasakyan, sumasang-ayon ang Customer na ang Customer ang magiging pangunahing contact at nag-iisang aplikante kaugnay ng Gantimpala para sa pagbili ng Sasakyang ito.

8. Sumasang-ayon ang Customer na pahintulutan ang Retailer na ibahagi ang impormasyong ibinigay ng Customer sa Retailer (kabilang ang lahat ng personal na impormasyon at impormasyon ng Sasakyan na nakalagay sa dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila ng Sasakyan) sa Tagapagpatupad ng Programa, Tagapangasiwa ng Programa, at bawat isa sa kani-kanilang mga empleyado, kasangguni, kontratista, o ahente. Ang anumang impormasyong ibinigay sa Kasunduan sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito (kabilang ang lahat ng personal na impormasyon at impormasyon ng negosyo, kung naaangkop, at impormasyon ng Sasakyan na nakalagay sa dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila ng Sasakyan) ay maaaring gamitin ng Tagapagpatupad ng Programa at Tagapangasiwa ng Programa para sa anumang layuning may kinalaman sa Programa at maaaring gawing available sa kompanya ng utilidad ("EDU") ng Customer. Pampublikong Pagbunyag ng Impormasyon na Nauugnay sa Mga Customer ng Mga Utilidad na Pagmamay-ari ng Publiko. Kung ang iyong tagapagkaloob ng kuryente ay isang pampublikong ahensiya, maaaring mapasailalim ang ilang impormasyong inilalabas mo para makakuha ng isang Clean Fuel Reward sa pampublikong pagbunyag alinsunod sa isang kahilingan sa ilalim ng Batas sa Mga Pampublikong Rekord ng California (California Public Records Act). Kasama, ngunit hindi limitado, sa impormasyong maaaring ilabas ang: pangalan, address, elektronikong mail address (email), tatak, modelo, at taon ng modelo ng sasakyan, kabilang ang kapasidad ng baterya, Iminumungkahing Pambentang Presyo ng Tagagawa (Manufacturer's Suggested Retail Price), Numero sa Pagkakakilanlan ng Sasakyan (Vehicle Identification Number), Petsa ng Pagbenta, mula kaninong Tagabenta (Retailer) ito binili, at ang halaga ng gantimpala.

9. Iniaatas ng Customer sa Tagapagpatupad ng Programa na ipadala ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng Customer at impormasyon tungkol sa Sasakyan sa EDU ng Customer. Kinokolekta ang impormasyong ito para sa mga layunin ng pangangasiwa ng programa, pati na rin sa ngalan ng EDU ng Customer. Maaaring gamitin ng EDU ng Customer ang impormasyon para sa anumang legal na pinapayagang layunin, na maaaring kabilangan ng, nang walang limitasyon, pagpapadala sa Customer ng mga survey at email tungkol sa Programa, pagbibigay sa Customer ng impormasyon sa mga produkto, serbisyo, at programa kung saan maaaring may interes ang Customer, at pagsisiwalat ng impormasyon ayon sa hinihingi ng batas o mga kinakailangan sa regulasyon. Sa pamamagitan nito ay nagbibigay ang Customer sa Tagapagpatupad ng Programa at sa EDU ng Customer ng pahintulot na gamitin ang ibinigay na impormasyon para sa mga layuning ito. Kinukumpirma ng Customer na ang Customer ay isang awtorisadong user ng email account na ibinigay. Kinukumpirma ng Customer na ang anumang ganoong komunikasyong ipapadala ng Tagapagpatupad ng Programa o EDU ng Customer ay inawtorisahan ng Customer at hindi dapat lumabag sa anumang listahan ng "do not contact" (hindi dapat kontakin) o iba pang paghihigpit sa komunikasyon sa customer, kahit na ang email address o iba pang impormasyong ibinigay sa Retailer ay nasa ganoong listahan o napapailalim sa ganoong paghihigpit.

10. Kinikilala ng Customer na walang sinuman sa Tagapagpatupad ng Programa o Tagapangasiwa ng Programa, o sinuman sa kani-kanilang empleyado, kasangguni, kontratista, o ahente, (a) ang may responsibilidad sa pagtiyak na nakakasunod ang Sasakyan sa anumang partikular na batas, kodigo, o pamantayan ng industriya, o (b) ang gumawa ng anumang uri ng pagkatawan tungkol sa (i) mga resultang nakamit ng Programa o (ii) ng Sasakyan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, performance, kaangkupan sa paggamit, o kaligtasan.

11. Sumasang-ayon ang Customer na palayain mula sa anumang sala, indemnisahin, at panatilihing walang pananagutan ang Tagapagpatupad ng Programa, Tagapangasiwa ng Programa, at bawat isa sa kani-kanilang opisyal, direktor, kasosyo, empleyado, kasangguni, kontratista at ahente (kung sama-sama, ang “mga indemnisadong panig”) mula at laban sa lahat ng anuman at lahat ng pagkawala, paghahabol, pinsala, pananagutan, kadahilanan sa paghahabla, gastos, kahingian, at halagang babayaran (kabilang ang mga sinisingil na bayad at pagbabayad ng anumang tagapayo para sa anumang mga indemnisadong panig), batay man sa kontrata, pagkasala o pagpapabaya, o anumang iba pang teorya, kung ipinarating man ng third party o ng Customer, mula sa, o kaugnay ng o bilang resulta ng pagsali ng Customer sa Programa, kabilang, nang walang limitasyon, ang pagbili at pag-arkila ng Customer sa Sasakyan o anumang iba pang sasakyang may kaugnayan dito.

12. Kung ang Customer ay isang legal na entidad, ang indibidwal na nagpapatupad ng Kasunduan sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito sa ibaba ay mayroon ng lahat ng kinakailangang awtoridad para pumasok sa Kasunduan sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito sa ngalan ng Customer.

13. Kung ang entidad na bumibili o nag-aarkila ng Sasakyan ay bumibili o nag-aarkila para sa layunin na agad na iarkila o ibenta ang Sasakyan sa isang indibidwal (tinatawag ang naturang entidad bilang isang "Third-Party na Broker" at ang naturang pagbenta o pag-arkila, bilang isang "Third-Party na Transaksiyon"), ang indibidwal na sa huli ay nag-aarkila o bumibili ng Sasakyan sa Third-Party na Broker (ang "Panghuling Tagagamit") at ang Third-Party na Broker ay magkasamang itituring bilang "Customer" para sa mga layunin ng Kasunduan na ito, ayon sa naaangkop. Para sa mga layunin ng Seksiyon 2(a), 5, 6, 8 at 9 ng Kasunduan na ito, ang Panghuling Tagagamit ay ituturing bilang Customer, at ang impormasyon ng Panghuling Tagagamit (at hindi ng Third-Party na Broker) ang gagamitin para patunayan ang pagiging kwalipikado ng Customer para sa Gantimpala. Anuman ang mga dating nakasulat na iba sa Kasunduan na ito, kinikilala ng Panghuling Tagagamit at Third-Party na Broker na ilalapat ng Retailer ang Gantimpala sa panghuling halagang dapat bayaran mula sa Third-Party na Broker para sa pagbili o pag-arkila ng Sasakyan. Sumasang-ayon ang Third-Party na Broker na ilalapat nito ang buong halaga ng Gantimpala bilang credit sa pagbili o pag-arkila ng Panghuling Tagagamit sa Sasakyan, at kinukumpirma at kinikilala ng Panghuling Tagagamit na natanggap nito ang buong benepisyong nauugnay sa pera ng Gantimpala mula sa Third-Party na Broker. Sa isang Third-Party na Transaksiyon, kinikilala at sinasang-ayunan ng Panghuling Tagagamit na wala sa Retailer, Tagapagpatupad ng Programa o Tagapangasiwa ng Programa ang direktang maglalapat ng Gantimpala sa pagbili o pag-arkila ng Panghuling Tagagamit, at ang tanging pagsingil ng Panghuling Tagagamit para sa Gantimpala ay laban sa Third-Party na Broker.

[Susunod Ang Mga Pahina Para Sa Pirma]
Makikita ang impormasyon tungkol sa mga gawi sa privacy ng Programa sa
cleanfuelreward.com/privacy-notice

Sa pagpapatupad ng Kasunduan sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, kinikilala ng Customer sa pamamagitan nito na binasa ng Customer ang mga kinakailangan at responsibilidad para sa pagsali sa Programa, at sumasang-ayon siyang tugunan at sundin ang mga ito. Dagdag dito, kinikilala ng Customer na ipinapakita ng dokumentasyon ng pagbili o pag-arkila ang buong halaga ng Gantimpala (posibleng ipinagsama sa iba pang rebate/insentibo ng manufacturer o dealer) at nabawas na ang Gantimpala mula sa huling halagang nakatakdang bayaran ng Customer para sa pagbili o pag-arkila ng Sasakyan.

Maaaring ipatupad ang Kasunduan sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito gamit ang mga pirmang ipinadala sa pamamagitan ng telecopy o iba pang paraan ng elektronikong pagkuha ng larawan (hal., PDF gamit ang email) at higit pa, ang mga elektronikong pirma o ang pagpapanatili ng mga rekord sa anyong elektroniko ay magkakaroon ng parehong legal na bisa, katumpakan, o kakayahang ipatupad tulad ng sa mano-manong pagpirma o paggamit ng sistema ng pagpapanatili ng rekord gamit ang papel, ayon sa magiging sitwasyon, sa abot ng at ayon sa inilalaan sa anumang nalalapat na batas, kabilang ang Pederal na Batas sa Mga Elektronikong Pirma sa Pandaigdigan at Pambansang Komersiyo (Federal Electronic Signatures in Global and National Commerce Act) o anumang iba pang katulad na batas ng estado batay sa Batas sa Pantay-Pantay na Elektronikong Transaksiyon (Uniform Electronic Transactions Act). (kabilang ang sa labas ng itinatakda sa Kodigo Sibil ng CA Seksiyon 1633.1 et seq.)

Dapat makuha, ma-scan, at ma-upload ang isang kopya ng Lisensiya sa Pagmamaneho ng Customer (o ng Awtorisadong Kinatawan, kung naaangkop) sa Website ng Programa.

SAMPLE LAMANG
SUMANGGUNI SA IYONG RETAILER PARA SA PANGHULING BERSIYON NA PIPIRMAHAN SA ORAS NG PAGBENTA